# 130 ‘kuliglig’ kumpiskado sa Kyusi

Bandera · 23 Feb 2020 · 3

KINUMPISKA ng lokal na pamahalaan ng Quezon City ang 130 “kuliglig” na nahuling bumibiyahe sa siyudad.

Sa kalatas, sinabi ni Mayor Joy Belmonte na nagsimula nilang linisin ang mga kalsada ng siyudad sa mga “kuliglig” noong Nobyembre bilang bahagi ng kampanya kontra kolorum na sasakyan, pero binigyan lamang ng warning ang mga driver.

“Hindi kami naghigpit nung nakaraan dahil magpa-Pasko. Pero ngayon, hindi na excuse na wala silang pagkakakitaan,” aniya.

Sabi ng hepe ng Tricycle Regulatory Division na si Ben Ibon bawal ang mga “kuliglig” sa national highway at pangunahing kalsada.

Inalok naman ng alkalde ang mga nasakoteng driver ng livelihood assistance.

“Apprehended drivers may avail of the ‘Balik Probinsya’ program, where they can reclaim their sidecars and use them to earn money in their hometowns. They may also apply for Quezon City’s e-trike program, or they can also surrender their sidecars in exchange for P5,000 cash aid and alternative